



Ipinagpapatuloy ng na-update na Kautusang ito ang mga paghihigpit sa karamihan ng aktibidad sa mga mahahalagang tungkulin at pangangailangan. Ngunit dahil sa pagsulong na kolektibo nating nakamit sa pagpapabagal ng pagkalat ng sakit at nalimitahan ang mga naospital, pinapahintulutan ng Kautusan ang ilang karagdagang mga mahahalagang negosyo at aktibidad na magpapatuloy, papayagan ang ilang mga hindi gaanong mapanganib na negosyong panlabas na magpatakbo muli, at maaaring mangyari na papayagan ang ilang mga karagdagang panlabas na aktibidad kahit na ang mga ito ay hindi mahahalaga. Nagpapakilala din ang bagong Kautusan ng isang balangkas upang gabayan ang mga desisyon ng mga Opisyal ng Kalusugan tungkol sa paglawig ng pagpapaluwag ng mga paghihigpit, na nakatuon sa pagsulong na nakamit sa pagtugon sa COVID19 at tinitiyak na may sapat na magagamit na mga mapagkukunan ng health care.

Ito ang panibagong Kautusan na papalit sa kautusan na manatili sa bahay na inilabas noong Marso 31, 2020. Tinukoy namin ang utos noong Marso 31 bilang "Naunang Kautusan" at ang Kautusan noong Abril 29 bilang "Bagong Kautusan" o "Kautusan."

Ano ang mga pagbabago na ginagawa ng bagong Kautusan na ito?

Itong bagong Kautusan ay magkakabisa sa 11:59 pm sa Linggo Mayo 3, 2020, at ma



